THE BOARD OF ARCHITECTURE
Professional Regulation Commission

in coordination with

The United Architects of the Philippines

invites you to the

ARCHITECTS' OATHTAKING CEREMONIES

June 2007 Examination

SATURDAY, AUGUST 18, 2007
Grand Ballroom, Sofitel Philippine Plaza Manila
CCP Complex, Roxas Boulevard, Pasay City
1:00 P.M.

PROGRAMME

12:00 – 1:00 P.M. – Registration
1:00 P.M. – Processional
Top Ten
CODHASP/ACADEME
UAP-IAPOA and PIA Officers
Board of Architecture
PRC
Guest Speaker

INVOCATION	**Arch. Marie Edraline B. Belga** *6th Placer*
NATIONAL ANTHEM	**Atty. Carlos G. Almelor** *Secretary, Professional Regulatory Boards*
WELCOME REMARKS	**Hon. Angeline T. Chua Chiaco, FUAP** *Member, Board of Architecture*
INSPIRATIONAL MESSAGE	**Hon. Leonor Tripon-Rosero** *Chairperson, PRC*
OATHTAKING CEREMONIES ***Charging and Oathtaking***	**Hon. Armando N. Alli, FUAP** *Chairman, Board of Architecture*
DISTRIBUTION OF CERTIFICATES ***AWARDING OF MEDALS and*** ***CERTIFICATES FOR TOP TEN***	**PRC** **Board of Architecture** **CODHASP/Academe**
AWARDING OF CERTIFICATES OF ***RECOGNITION TO TOP SCHOOLS***	**PRC** **Board of Architecture**
RESPONSE	**Arch. Doni Rae R. Dionisio** *Topnotcher*
PROFESSIONAL PLEDGE ***Code of Ethics***	**Dean Wilfredo G. Gacutan, FUAP** *President, CODHASP*

INTRODUCTION OF THE GUEST SPEAKER	**Hon. Angeline T. Chua Chiaco, FUAP** *Member, Board of Architecture*
ADDRESS OF THE GUEST SPEAKER	**Dr. FERNANDO NAKPIL ZIALCITA** *Anthropologist* *Professor* *Ateneo de Manila University*
AWARDING OF PLAQUE OF APPRECIATION TO GUEST SPEAKER AND OUTGOING CHAIRMAN AND MEMBERS	**PRC** **Board of Architecture**
INDUCTION OF NEW MEMBERS TO UNITED ARCHITECTS OF THE PHILIPPINES, INC. (UAP)	**Arch. Medeliano T. Roldan, Jr., FUAP** *National President, UAP*
CLOSING REMARKS	**Hon. Marietta B. Segovia, UAP** *Member, Board of Architecture*

Arch. Cathy S. Saldaña, UAP
Master of Ceremonies

Republic of the Philippines
Professional Regulation Commission
Manila

Message

It is my pleasure to offer my warmest felicitations and congratulations to our new architects. On behalf of the entire Professional Regulation Commission, I welcome you to the ranks of the more than two million professionals who serve our country today.

You who take your oath today number 467 passers out of 1,141 examinees for the architecture licensure examinations, representing 40 per cent of those who aspired to join the ranks of licensed architects in the country.

Your oath binds you to a life of service. When you join the ranks of Filipino licensed professionals, you swear to adopt core values beginning with a commitment to excellence. I should like to take this opportunity to remind you of your new responsibilities as professionals and as future builders. Out of your drawing boards will come the designs of homes, buildings, schools and other structures that not only shelter our fellow Filipinos but also create for us visions of beauty in our landscapes.

The tide of globalization that has swept the Philippines into the ranks of Asian tiger economies has impacted the architectural profession. With the leveling of the playing field of professional services, our architects now enjoy a competitive advantage in their professional development in the international arena.

As architects you are in a position to showcase the uniqueness of Filipino design and to demonstrate the world class competitiveness of the Filipino architect. It is my hope that as you take your places among the ranks of other architects who have distinguished themselves you will also demonstrate the core values of excellence, hard work and honesty in the pursuit of your profession. Be a source of pride to your profession and to your country.

Mabuhay kayong lahat!

Leonor T. Rosero

LEONOR TRIPON-ROSERO
Chairperson

Message

This is a great day in your life: You are now free to chart your own course as full-fledged Filipino architects. Congratulations. Your profession is a silent but powerful force that daily shapes our lives. The buildings we work in, eat in, sleep in, pray in can energize us. But they can also dampen our spirit, if not designed properly. Pay attention therefore to the context of your design. Be sensitive to the unique features of our country's environment; observe how our fellow Filipinos do use space; learn from the constructions, be they humble or proud, of our ancestors. If your designs are rooted in their Philippine context, they will always be relevant. They will inspire the many thousands who will use your buildings. May you take flight!

FERNANDO NAKPIL-ZIALCITA, Ph.D.
Cultural Heritage Studies Program
Department of Sociology and Anthropology
Ateneo de Manila University

Republic of the Philippines
Professional Regulation Commission (PRC)
City of Manila

Professional Regulatory Board of Architecture (PRBoA)

Message

Warm greetings to you all!

I and the two (2) Members of the Professional Regulatory Board of Architecture (PRBoA), namely Architects Angeline T. Chua Chiaco, fuap and Marietta B. Segovia, uap, aaif, congratulate the new and duly Registered and Licensed Architects (RLAs) for their well-deserved success in the June 28 and 29/ July 1, 2007 Architecture Licensure Examinations (ALE). The PRBoA also welcomes you all to the thriving and growing community of RLAs, now standing at about 24,000, and now a vital contributor to the known world's progress and physical development.

Your oath-taking today as full-fledged professionals also marks the start of a life-long journey to continually strive to attain excellence in the practice of Your chosen state-regulated profession. Public service and the upholding of higher public interests are the primary reasons for the privilege to practice architecture in this country. By now, You must all be able to distinguish that the use of your registration certificates and licenses (represented by Your individual PRC identification cards) are not vested rights but mere privileges that can be taken away by the state if these are not used wisely, lawfully and for the advancement of the profession.

To help You all get a good head start in Your respective careers as professionals, You must study well and strive to know by heart the architect's law i.e. Republic Act/ RA 9266, also known as "The Architecture Act of 2004" and its 2004 Implementing Rules and Regulations ("IRR") as well as the 2006 Code of Ethical Conduct, the Standards of Professional Practice and derivative regulations that may be periodically promulgated by the PRBoA and the PRC. These shall ensure that You are able to treat the rightful career paths and assure your smooth relationship with the state (as represented by the PRC and the PRBoA), with the IAPOA (UAP), with other professionals and with the general public that You shall serve.

You must also remember to continually advocate good architectural/ physical planning and architectural design through the proper application and use of the 1977 National Building Code of the Philippines (NBCP, otherwise known as Presidential Decree/ PD 1096 and its 2004 Revised IRR), of the law to enhance the mobility of disabled persons (Batas Pambansa/ P.B. No. 344 and its IRR), of the Fire Code (PD 1185 and its IRR) and of related building and physical planning regulations (including P.D. No. 957 and B.P. No. 220 and their IRRs) because You are the primary development professionals called upon to implement these laws.

Always love and protect Your profession and value the rewards that shall come Your way no matter how small. Never waiver in your commitment to uphold public interest at all times and continue to have faith in your respective capabilities and selves, for only by doing these shall You truly become members of this noble and honorable profession. Also keep in mind the many hardships You had to endure and the countless sacrifices of Your parents and loved ones, guardians, teachers and mentors to make sure that You are here with us now. Honor these memories/ them with an upright practice wherever You will be in the professional world. Your future is entirely in Your hands!

Again, the PRBoA's heartfelt congratulations to all of you, Your loved ones, Your individual alma mater and your teachers/ mentors.

May the Lord bless us all and the resurgent Philippine architectural profession as well. Mabuhay kayong lahat!

ARMANDO C. ALLE, fuap, aaif
Chairman, PRBoA

UNITED ARCHITECTS OF THE PHILIPPINES

The Integrated and Accredited Professional Organization of Architects

Office of the National President

Message

To our new batch of architects!

On behalf of the United Architects of the Philippines, the Integrated and Accredited Professional Organization of Architects (UAP-IAPOA), I wish to extend my warmest greetings and hearty congratulations to the newly-passed professional and licensed architects!

As you prepare for the future, allow me to enjoin you to preserve the elements that brought you to where you are today: the emphasis on professional practice; the philosophy of experiential learning; the steadfast commitment to protect and comply with the spirit and letters of our Republic Act No. 9266, otherwise known as the Architecture Act of 2004; and the flexibility to seize new opportunities when appropriate. You must extend and broaden your reach while standing upon a very firm foundation of being licensed and registered architects.

You have the strongest head start you can possibly have in this profession, and now I am going to challenge you to take that education, experience, and passion, and go do something grand with it. Now it's your turn to show that you can take that opportunity and run as far and fast as you can with it.

*Always remember that your career will be defined by your **ACTION**, rather than the title on your business card. Your career will be defined by the decisions you make. And as you are about to embark on lives of service to the organization let me conclude by sharing a few hopes that we hold for you.*

May you enjoy the special pleasures of craft; the private satisfaction of doing a professional task as well as it can be done.

May you enjoy the special pleasures of the architecture profession; the added satisfaction of knowing that your efforts further enhance the greatness of UAP.

May you be blessed with good luck, and also with the wisdom to appreciate when you have been lucky rather than skillful.

May you find ways to help others under circumstances where they cannot possibly know that you have done so.

May you be patient, and gentle, and tolerant, without becoming smug, self-satisfied, and arrogant.

May you never be afraid to take the risk of getting dirty, but may you always be sufficiently sure-footed that you avoid the abyss of contamination.

May you know enough bad weather that you never take sunshine for granted, and enough good weather that your faith in the profession is never shaken.

May you serve the profession and the professional organization without doubts and compunction!

May God Bless you and welcome to the United Architects of the Philippines!

ARCH. MEDELIANO T. ROLDAN, JR., FUAP
National President

MODERNO AT NAKA-UGAT SA ATING KULTURA

Fernando Nakpil-Zialcita, Ph.D.
Panunumpa ng mga Bagong Arkitekto
Ika-18 ng Agosto, 2007
Sofitel

Director Amelia Empaynado ng Professional Regulation Commmission;
Mahal na Chairman ng Board of Architecture, Armando Alli;
Mga Miyembro ng Board of Architecture, Angeline Chua Chiaco at Marietta Segovia;
Mga bagong arkitekto;
Ang kanilang mga magulang at mahal sa buhay;
Mga propesyonal na arkitekto, na pinangunahan ng United Architects of the Philippines at ng kanilang Pambansang Pangulo, Medeliano Roldan;
Mga guro, na pinangunahan ng Council of Deans and Heads of Architectural Schools in the Philippines (CODHASP) at ang kanilang Pangulo, Wilfredo Gacutan;
Ang Dekano ng UST
Mga kaibigan at tagapagtaguyod sa industriya;
Boyven, tagapagtaguyod na ito;
Mga kaibigan;

Magandang hapon sa inyong lahat:

Bagong buhay ang hinahanap ng ating mga bagong arkitekto. Binabati ko kayo. Sana po makabigay ako ng inspirasyon sa inyo bilang bagong arkitekto.

Lubos akong nagpapasalamat sa mga nag-organisa niteng okasyon. Salamat po at inyong naisipan na ako'y anyayahan. Isang malaking karangalan ito para sa akin at para sa ipinagtataguyod ko: Ang pakilala at pagmahal sa ating sariling Arkitekturang Pilipino. Ang problema lang ay ito: Lalong ligting ang akala ng marami na, dahil mahilig magsulat si Fernando Zialcita tungkol sa arkitekturang Pinoy, siguradong siya'y arkitekto rin!

Sana po! Ako'y humahanga sa inyong propesyon, pero hindi ako kasapi. Kailan at paano nagsimula ang aking admirasyon sa arkitektura? Noong ako'y bata pa, nag-aral ako ng pagpipinta sa mga tanyag na pintor katulad ni Demiao at Diosdado Lorenzo. Natutunan ko rin ang pag-ukit sa kahoy, salamat sa isang iskultor ng Paete. Namulat ang aking mga mata sa bellas artes. Wala pang Lego noon. Kaya naisipan kong bumuo ng simbahan at tirahan sa kartolina. Dahil maraming libro ang aking tiyo at ninong na si arkitekctong Carlos Santos-Viola, madalas ako sa opisina niya upang magbasa tungkol sa kasaysayan at katangian ng Romanesque, Gothic, Baroque, Modernism, atbp. Si Santos-Viola po ang paboritong arkitekto noon ni Obispo Manalo ng Iglesia ni Kristo. At sa tagpuan ng mga Nakpil, nariringig ko kung minsan ang mga diskusyon nina Juan Nakpil at ng kanyang pinsang buo si Angel tungkol sa kanilang mga itinatayong gusali. Unti-unting nahubog ang kaalaman ko tungkol sa inyong propesyon. Nang sinulat ko, kasama si Manuel I. Tinio, ang librong "Philippine Ancestral Houses, 1810-1930", ang aking pinakadakilang gabay ay ang Ninong Carlos ko. Lumaki siya

sa isang bahay na bato at kahoy sa San Miguel de Mayumo, Bulakan. Mahal niya ito. Alam niya ang pangalan ng bawa't bahagi ng istruktura. Talagang katangi-tangi! Sana-matularan siya ng ibang arkitekto.

Bakit hindi ako naging arkitekto? Sapagka't iba ang pagmamahal sa abilidad. Marami sa atin ay mahilig kumanta – lalung-lalo na habang naliligo. Kaunti lang po ang nagiging professional singer. Matindi ang pagkamangha ko sa inyong napasukang karera. Nakasubsob kayo sa drawing board, araw at gabi, upang iguhit at isukat ang isang istrukturang inyong pinapangarap. Kinakailang ekrakto lahat upang maisabuhay ng tama ang inyong pangarap. Naiklasan ko na iba pala ang takbo ng aking diwa. Ang talagang hilig ko ay ang maunawaan ang kontekstong kultural at panglipunan ng arkitektura. Interesado akong masagot halimbawa, ang tanong kung may arkitekturang Pilipino na hindi lang bahay kubo. Dahil dito at sa ibang dahilan, naisipan kong maging anthropologist. Ang pinakafocus kasi ng anthropology po ay ang Kultura, ang Kalinangan. Pinag-aaralan nito ang pamumuhay ng isang grupo, maging sa bundok, sa kanayunan o sa lungsod: Ang pamumuhay ng isang komunidad sa araw-araw, ang kanilang pagpapahalaga, ang mga minmahal nilang mga simbolo katulad ng isang gusali. Ganyan naiiba ang disiplinang ito sa ibang mga siyensiya.

Ano ang masasabi ng isang anthropologist sa mga bagong arkitekto? Makapangyarihan ang inyong propesyon. Nahuhubog nito ang pagkilos at ang kaisipan ng mamamayan sa araw-araw. Ang isang building ay maaaring maging inspirasyon sa mga gumagamit; o maaaring maging isang hangungot. Depende sa kanyang pagkagawa. Nahuhubog din ng isang building ang kapaligiran niya. Dahil dito, tatlo ang hihilingin ko sa inyo.

1) Makibagay sa kalikasan.
2) Kilalanin ang mga kontribusyon ng ating mga ninuno
3) Tugunan ang pangangailangan ng kapwa-Pilipino.

Makibagay sa Kalikasan. Ang tradisyunal na arkitektura ng Pilipina ay tumutugon sa hamon ng isang kapaligirang tropikal. Matarik ang bubong ng bahay katutubo sapagka't maulan dito at malmit pa. At dahil mahilig ang mga Pilipinong manirahan sa tabi ng ilog at dagat, naka-angat sa lupa ang mga katutubong bahay. Parang lumulutang. Sa panahon ng mga Kastila, lumitaw ang isang bahay na gumagamit di lang ng kahoy, pati na rin ng bato: Bato sa unang palapag, kahoy sa pangalawa. Ngunit nanatili pa rin ang pagkamatarik ng bubong. At umiral ang malalaking bintana at bentanilya upang hikayatin ang hangin at liwanag. Sa panahon ng mga Amerikano, itong estilo ay ipinagpatuloy.

Ngunit noong mga taong 1950, nagpalit ang takbo ng arkitektura. Naging mura ang air-conditioning. Naging mababa ang tasa ng kisame; lumiit ang mga bintana. At dahil sa pagtanais na tularan ang Bauhaus at ang International Style, nauso ang flat roof sa mga office building, pati na rin sa ilang mga bahay, kahit na maulan at malmit sa ating bayan. Totoo nga na noong mga 1950, unti-unting namang pumasok ang ecological awareness: Mahal pala ang air-con dahil nakakapit ito sa halaga ng langis na may hanggahan. At ang air-con pala ay nagbubulot ng polusyon. Ngunit magmula ng mga taong 1990, nauso ang mga glass tower sa Metro Manila, katulad ng sa New York o Chicago. Madalas wala itong mga sunbreaker. Lalo pang nangailangan ng air-con! Nakalimutan na sa Pilipinas, ang problema ay di ang kakulangan ng

araw, katulad ng sa New York, kundi ang pagkamalabis nito, lalo na kung tag-araw. At kapag tumatalbog ang araw mula sa mga kristal na dingding, nasisilaw at naiinitan ang mga nasa labas at nasa ibang building. Sa Estados Unidos may mga lawsuit na laban sa mga glass tower na nakakasilaw kapag tinatamaan ng araw.

Alam po nating lahat ang hamon ng Global Warming. Maganda po sana kung kayo ay makapagpatayo ng mga gusaling di lang tumutugon sa ating klima kundi tumutulong pang maging laging presko ang ating kapaligiran, kahit na sa lungsod. Sana maging Green ang mga building ninyo. Nakakahinga kahit walang mamahaling ventilation systems. Hindi nakakasilaw. May mga halamanan sa iba't ibang mga palapag. Kung ang mga ito'y nagagawa sa ibang bansa, magagawa rin ninyo. Kaya niyo, kaya ng Pilipino!

Kilalanin ang mga kontribusyon ng ating mga ninuno. Pangarap ng isang arkitekto na kahangaan ang kanyang gusali sapagka't ang kanyang bimo ay parang supling. Dahil dito nagpapakapagod siya sa paguguhit ng kahit na pinakamaliit na detalye. Nagpupuyat siya upang maging lalong maganda ang kanyang supling. Sa wakas natapos na ang kanyang office building, o simbahan, o tahanan. Panay ang puri sa supling niya ng mga nakakapansin at nakakaintindi. Pero hanggang kailan? Hanggang habang panahon? O kahit man lang isang siglo? Malamang hindi ito mangyayari sa Pilipinas.

Totoo ngang matatag ang mga materyales ng arkitekto at ng inhinyero: Bato, simento, metal. Ngunit sa Pilipinas sa pangkasalukuyan, medalas mangyari na walang paggalang sa mga kontribusyon ng maski sino mang konstruktor, maging ng panahon ni Bonifacio, maging ng siglo 20, maging ng di-kilalang maestro de obras, maging ng isang tanyag na arkitekto. Maraming magandang mga simbahan at bahay ng siglo 18 at 19 ang tinastas na dahil sa ito'y "luma" daw. O kaya kahit nanatili pa rin, dinagdagan ng mga dekorasyong baduy at tinanggalan ng mahahalagang mga bahagi. Nakakatawag pansin ang mga tagumpay ng arkitekturang Pilipino noong siglo 20. Kumalat ang Modernismo. Ito'y nabigyan ng anyong Pilipino. Kinilala ng Republika ng Pilipinas ang mga tanyag na arkitekto bilang "National Artist". Mga halimbawa ay sina Leandro Locsin, Juan Nakpil at Pablo Antonio. Pero ang medalyang ito ay hindi garantiya na ang kanilang pinaghirapang obra maestra ay mananatili. Sa katunayan marami nang obra maestra ng mga National Artist ang giniba at marami pa marahil ang gigibain. Wala kasing Heritage Law na magtatanggol sa kanila. Naipit ang bill na ito sa pulitika. Suportahin po ninyo ang Heritage Bill upang ito'y maging Batas. May isa pang problema, may mga arkitektong binabalewala ang tradisyung Pilipino.

Dapat tayong magkaroon ng isang Kultura ng Pangangalaga. Ipagtanggol natin ang mga bagay na maganda at makasaysayan. Sa ngayon ang mga gusali sa Pilipinas ay parang styrofoam. Disposable lang pala. Talo pa ng makata at pintor ang arkitekto. Kahit na menos ang kita nila, alam nila na hindi iibahin ang kanilang bimo. Mananatili pang habang panahon, at sila'y

maaalala. Hindi makakaasa ng ganoon ang mga arkitektong Pilipino. Kung nais ninyo, mahal kong mga bagong arkitekto na galangin ang mga magandang bunga ng inyong pawis, galangin din ninyo ang kagandahang naiilikha na ng mga nauna sa inyo. Natuturwa akong sabihin na unti-unting kumakalat sa mga batang arkitekto ang paggalang sa mga makabuluhang gusali, maging ng siglo 18 o ng siglo 20. Aktibo ang mga batang arkitekto sa Heritage Conservation Society kung saan ako'y miyembro. Kapag tayo'y may Kultura ng Pangangalaga, ito'y makakatulong din sa pangangalaga ng inyong mga obra maestra. Kung ang mga ito'y naiilista bilang National Treasures, di na ito maaaring baguhin ng walang dalilan.

Dakila ang tradisyong arkitektural natin. Noong 1842, sinabi ng manunulat na Pranses na si Jean Mallat sa kanyang libro tungkol sa Pilipinas na ang bahay Pilipino na kahoy at bato ay dapat tularan ng ibang bansa. Ang bubong nito'y nakasandal sa mga haligi na sumasyaw lang, kapag may lindol, at hindi bumabagsak. Panay din ang puri ng mga inhinyerong Espanyol na ipinadala ng Madrid sa Manila pagkatapos ng lindol ng 1863 at ng 1880. Samantalang ang mga konstruksyong estilo Europeo na bato sa lahat ng palapag ay nagsibagsakan, ang mga konstruksyon sa kahoy at bato ay nanatili. Kahanga-hanga raw at dapat tularan. Dumating ang mga Amerikano. Noong 1905 naimpha ang arkiteko at urban planner na si Daniel Burnham sa tradisyunal na bahay at bato at kahoy ng Maynila. Maganda raw. Nang bumisita si Walter Gropius, na ama ng International Style, sa Maynila noong mga 1950, ipinakita sa kanya ni Juan Nakpil ang mga tradisyunal na bahay ng lungsod. Sabi ni Gropius na talagang Functional ang bahay Pilipino na bato at kahoy. Sa katapusan ng siglo 20, kinilala ng UNESCO ang ating tradisyunal na arkitektura: Apat na simbahang Baroque at ang buong bayan ng Vigan ay nasa World Heritage List.

Tugunan ang pangangailangan ng kapwa-Pilipino. Isang aning na makalipunan ang arkitektura. Maaaring lumikha ng para sa sariling lang na kagustuhan ang pintor. Ganoon din ang makata. Pero hindi ang arkitekto. Magiging tahanan o gawaan o dasalan ang kanyang istruktura. Kinakailangan niyang mawari kung ano ang kaugalian ng mga gagamit. Hindi ito madali. Malamang ang direct client niya, na siyang magbabayad sa kanya, ay di rin alam kung paano gagamitin ang gusali sa pang-araw-araw. O kaya, hindi ito binibigyan ng importansiya. Mayron siyang nakitang design sa paglalakbay niya na gustong ipakopya kahit na hindi angkop sa kaugaliang Pilipino. Isa pang bagay ang dapat alalahanin, ang arkitekto ay hindi sociologist o anthropologist. Wala sa formasyon niya ang pag-aaral sa balangkas ng lipunan o sa kultura ng mamamayan. Ang specialty ng arkitekto ay ang pagbuo ng disenyo. Maganda sana kung obserbahan niya kung paano ginagamit ng pangkaraniwang tao ang espasyo sa isang gusali. O kaya magkipagteam-up siya sa mga social scientist.

Si Edward Hall ay isang anthropologist na pinag-aralan ang interpretasyon ng espasyo sa iba't ibang mga lipunan. Sabi niya na ang pagkamalayo at ang pagkamalapit ay depende sa bawa't kultura. Kapag nag-usapan ang dalawang Amerikanong Puti, may malawak na distansya sa pagitan nila at no touching. Samantala sa ibang kultura, katulad ng sa atin, magkalapit ang nag-usapan. May tapikan. May kurinyo. May impluwensiya itong lahat sa arkitektura.

May mga gusaling nagtatagumpay dahil sa sensitibo ang mga ito sa ugali ng mga gumagamit sa kanila. Mayroon namang hindi gaano.

Ang Cultural Center of the Philippines ni Leandro Locsin ay tunay na landmark . Parang isang iskulturang naka-angat sa itaas ng isang pedestal na bato. Nakikita ang pakikipag-ugnayan ng CCP sa tradisyung Pilipino. Nahihintulad ang kanyang cantilevering sa Bahay Kubo, sa Bahay Maranao, sa Bahay na Bato at Kahoy ng Panahong Ki-tila. Si Lindy Locsin mismo ang nagsabi sa akin na mahal niya ang bahay ng mga ninuno niya sa Silay, Negros Occidental kung saan siya lumaki. Ipinakita niya sa akin ang mga photo na kanyang kinuha ng bahay ansestral nila. Pero may puna ako sa CCP. Hindi halos ginagamit ang monumental ramp sa harapan nito. Ang talagang ginagamit ay ang North Entrance sa tabi. Ang karamihan kasi ng mga pumupunta ay iniiwanan ang sasakyan sa parking lot. O kaya walang dalang sasakyan. Isa pa, medyo nakakaasiwa para sa ordinaryong mamamayan ang monumental driveway ng CCP. Kung pinansin man lang sana ng arkitekto ang kaugalian ng mga theater goer, marahil nakabuo siya ng isang pasukang monumental nga ngunit angkop sa kaugaliang Pilipino.

Mabuti na lang na sa ibang gusali ni Lindy, nakakahalina ang kanilang layout. Halimbawa nito ay ang Chapel of the Holy Sacrifice ng Unibersidad ng Pilipinas. Ganap na bilog ito; ang altar ay nasa gitna. Maaari mong matanaw ang misa mula sa anumang direksyon. Laging bukas ang mga pinto nito. May canopy sa buong paligid at may walkway. Inaanyayahan kung dumalaw, magdasal, magnilay o kaya magpasyal sa paligid niya. Tunay ngang nakasentro siya sa buhay ng isang komunidad.

Mahal kong mga bagong arkitekto, makipagkapwa-tao sana kayo sa publiko na siyang dadalaw at gagamit sa inyong mga bubuuin. Di ba maganda kung ang inyong mga nilikha ay maisasapuso ng publiko?

Sariling Atin. Sinasabi na ang ating arkitektura ay dapat may Tatak Pilipino. Sa globalisasyon na ating nadadama, ipinapapahayag ng mga bansang abansado na sila'y moderno samantalang may sariling katangiang naiiba. Ang pinakamataas na tore sa mundo ay ang Taipeh 101. Limang daan at walong metro ang taas nito. Hindi ito copycat ng mga skyscraper ng New York. Naka-ugat pa rin sa tradisyong Tsino. Parang pagodang abstract at stylized ang hugis nito. Samantalang ang Petronas Towers naman ng Kuala Lumpur ay naka-ugat sa Islam. Parang mga minaret sa moske. Korteng bituin ang bawat footprint.

Ano ang dapat gawin upang ang ating arkitekturang moderno ay maging tunay na atin? Tatlo ang maaaring gawin. Makibagay sa kalikasan. Mabagyo sa Pilipinas, mainit, malindol. Ang hugis ng ating mga gusali ay dapat tumugon sa mga hamong ito. Mahalin ang ating tradisyung arkitektural. Sa takbo ng panahon may mga gusaling naitayo ang Pilipino na tunay na dakila. Ilan sa kanila ay nasa World Heritage List. Makipagdiyalogo sa kapwa-Pilipino. Mayroon tayong sariling kaugalian at kultura Kapag nagawa itong tatlo, ang inyong mga obra maestra ay tunay na magiging bunga ng Diwang Pilipino.

Binabati ko kayong muli.